# Espesyal na Halalan sa Nobyembre 2023

# Pamplet para sa Mga Botante ng Jackson County sa Wikang Tagalog

OREGON SOS

Jackson County

# pamplet
# para sa mga botante

Espesyal na Halalan ng Oregon sa Pamamagitan ng Koreo

**Nobyembre 7, 2023**

## MGA TAGUBILIN SA PAGBOTO

Suriin ang iyong Opisyal na Balota at hanapin ang iyong napiling sagot. Upang makaboto, dapat mong ganap na itiman ang bilog ( ) sa kaliwa ng iyong napiling sagot gamit ang itim o asul na tinta.

Kung bumoto ka ng **parehong** Oo **at** Hindi sa isang panukalang-batas, tinatawag itong bumoto nang labis. Ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa panukalang-batas na iyon.

Makipag-ugnay sa Halalan sa Jackson County (Jackson County Elections) upang humiling ng kapalit kung:

- nagkamali ka
- ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
- nawala ang balota mo o para sa anumang iba pang dahilan.

## IBALIK ANG IYONG BALOTA

**Sa pamamagitan ng koreo:** Ipadala sa koreo ang iyong balota upang ito ay mamarkahan ng USPS pagsapit ng Araw ng Halalan.

**Nang personal sa isang opisyal na lugar ng drop box:** Ilagay ang iyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota ng Oregon bago mag-alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

**Halalan sa Jackson County (Jackson County Elections)**
1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR 97501
(541) 774-6148
www.jacksoncountyor.org

## MGA LOKASYON NG LUGAR NG DROP BOX

*Dapat mailagay ang iyong balota sa isang opisyal na lugar ng drop box bago mag-alas-8 ng gabi sa ARAW NG HALALAN, Nobyembre 7, 2023.*

**Halalan sa Jackson County (Jackson County Elections)** *Magbubukas sa Lunes, Ika-23 ng Oktubre*
1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR 97501
Ang mga drop box ng balota na nasa bangketa ay bukas 24 na oras araw-araw (kaliwang lane - W. Main)
Ang opisina ng Halalan ay bukas mula 8 am hanggang 4 pm
(7 am - 8 pm sa Araw ng Halalan)

**Aklatan ng Eagle Point (Eagle Point Library)** *Magbubukas sa Lunes, Ika-23 ng Oktubre*
239 W. Main St, Eagle Point, OR 97524
Ang agarang napupuntahang (walk-up) drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan) Magsasara ng alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan

**Aklatan ng Rogue River (Rogue River Library)** *Magbubukas sa Lunes, Ika-23 ng Oktubre*
412 E. Main St., Rogue River, OR 97537
Ang agarang napupuntahang (walk-up) drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan) Magsasara ng alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan

## REHISTRASYON NG BOTANTE

*Ang huling araw ng pagpaparehistro para bumoto ay sa ika-21 araw bago ng halalan.*

### Pagpaparehistro para Makaboto

Upang makaboto sa Oregon kailangan kang rehistrado sa county kung saan ka nakatira.

Maaari kang magparehistro kung masasagot mo ng oo ang tatlong tanong na ito:
-Ikaw ba ay residente ng Oregon?
-Ikaw ba ay isang mamamayan ng U.S.?
-Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang?

Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.

### Paano magparehistro

Maaari kang magparehistro online para bumoto sa www.oregonvotes.gov o maaari kang makakuha ng card ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar:
-anumang tanggapan para sa halalan ng county
-tanggapan ng Kalihim ng Estado (Secretary of State's office)
-ilang ahensya ng estado tulad ng Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor (Division of Motor Vehicles)
-isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante
Maaari mong punan ang card nang personal o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo ng US. Maaari ka ring mag-print ng card ng rehistrasyon online sa: www.oregonvotes.gov.

### Pag-update ng iyong rehistrasyon ng botante:

Kapag nakapagrehistro ka na, tungkulin mong panatilihing napapanahon ang iyong impormasyon. Maaari mong gawin ito online sa www.oregonvotes.gov o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbalik ng card ng rehistrasyon ng botante na nakalagay ang bagong impormasyon.

#### Tulong sa Pagmarka ng Balota; Mga Pataan at Limitasyon

Ang sinumang botante na, dahil sa kapansanan o kawalan ng kakayahang magbasa o magsulat, hindi makapagmarka ng kanilang balota ay maaaring makatanggap ng tulong. Ang tulong ay ibibigay ng alinman sa dalawang tao ng magkaibang partidong pampulitika na itinalaga ng kawani ng county o ng ibang taong pinili ng botante. Ang sinumang tumutulong sa isang botante ay dapat sumunod sa tagubilin ng botante kung paano boboto sa balota. Gayundin, ang taong tumutulong sa botante, kalaunan ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kung paano bumoto ang botante. Bukod dito, hindi maaaring magbigay ang sinuman ng nasabing tulong kung siya ay isang tagapag-empleyo ng botante o isang ahente ng tagapag-empleyo. At, hindi rin maaaring magbigay ng nasabing tulong ang isang tao kung siya ay isang opisyal o ahente ng isang unyon kung saan ang botante ay isang miyembro. (ORS 254.445)

# Panukalang-Batas 15-218 – Lungsod ng Rogue River

**Pag-amyenda sa karta na nagbabago sa termino ng Alkalde mula sa dalawa para gawing apat na taon.**

**Tanong:** Maaamyendahan ba ang Karta ng Lungsod upang baguhin ang termino ng Alkalde mula sa dalawa para gawing apat na taon?

**Buod:** Dahil ang posisyon ng Alkalde ay nangangailangan ng matinding dedikasyon at pamilyar lamang sa mga nanunungkulan pagkaraan ng ilang taon ng serbisyo, iminumungkahi ng Konseho ng Lungsod na palawigin ng mga mamamayan ang termino ng Alkalde mula sa dalawa para gawing apat na taon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**
Iminumungkahi ng panukalang-batas na ito ang pag-amyenda sa Karta ng Lungsod ng Rogue River. Palalawigin ng pag-amyenda ang termino ng Alkalde mula sa dalawa para gawing apat na taon.

Ang tungkulin ng Alkalde ay nangangailangan ng matinding dedikasyon at gumugugol ng ilang taon para magamayan. Iminumungkahi ng Konseho ng Lungsod na palawigin ang termino ng panunungkulan ng Alkalde mula sa dalawa para gawing apat na taon. Palalawigin ng panukalang-batas na ito ang termino ng Alkalde mula sa dalawa para gawing apat na taon.

(*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Rogue River.*)

# Panukalang-Batas 15-219 – Lungsod ng Rogue River

**Pag-amyenda sa karta na nagpapawalang-bisa sa mga limitasyon sa termino ng inihalal na mga Konsehal at Alkalde.**

**Tanong:** Maaamyendahan ba ang Karta ng Lungsod upang alisin ang mga limitasyon sa termino ng mga inihalal na mga miyembro ng Konseho ng Lungsod at Alkalde?

**Buod:** Noong 1996, inamyendahan ang Karta ng Lungsod upang isaad na ang mga miyembro ng Konseho ng Lungsod ay hindi maaaring magsilbi ng higit sa dalawang (2) apat na taong termino, at ang mga Alkalde ay hindi maaaring magsilbi ng higit sa dalawang (2) dalawang taong termino. Bukod pa rito, isinasaad sa pag-amyenda na walang tao na kwalipikadong humawak ng anumang kumbinasyon ng katungkulang napanalunan sa Lungsod na may kabuuang bilang na higit labindalawang (12) taon. Noong 2014, inamyendahan ang Karta ng Lungsod upang isaad na kasunod ng dalawang termino bilang Konsehal ng Lungsod o Alkalde, maaaring hindi sumali ang sinumang tao sa isang yugto ng halalan at maging kwalipikadong kumandidatong muli, ngunit nilinaw nito na walang sinumang tao ang maaaring humawak ng katungkulang napanalunan nang higit sa labindalawang (12) magkakasunod na taon. Ang epekto ng pag-amyendang ito sa Karta ay upang payagan ang sinumang karapat-dapat na tao na maging kwalipikadong maglingkod sa anumang katungkulang napanalunan hangga't inihahalal sila ng mga botante ng Lungsod ng Rogue River para sa posisyong iyon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**
Iminumungkahi ng panukalang-batas na ito ang isang pag-amyenda sa Karta ng Lungsod ng Rogue River. Mapapawalang-bisa ng pag-amyenda ang mga kasalukuyang limitasyon sa termino para sa mga posisyon ng Konseho ng Lungsod at Alkalde.

Itinatag noong 1996 ang mga limitasyon sa termino para sa mga posisyon ng Konseho ng Lungsod at Alkalde, sa pamamagitan ng isang pag-amyenda sa Karta, at binago noong 2014 ng isang pag-amyenda sa Karta. Isasaad sa panukalang-batas na ito na walang anumang limitasyon ang mga posisyon sa maaaring bilang ng mga termino ng paglilingkod ng isang taong inihalal sa posisyong iyon.

Isinasaad sa kasalukuyang probisyon ng Karta na ang isang miyembro ng Konseho ng Lungsod o Alkalde ay maaaring maglingkod nang hindi hihigit sa dalawang termino at hindi hihigit sa kabuuang labindalawang magkakasunod na taon sa anumang katungkulang napanalunan sa Lungsod. Mapapawalang-bisa ng panukalang-batas na ito na nag-aamyenda sa Karta ang mga limitasyon sa termino na pinagtibay noong 1996. Ang epekto ng Pag-amyenda sa Kartang ito ay upang payagan ang sinumang kwalipikadong tao na maglingkod sa anumang katungkulang napanalunan hangga't inihahalal sila ng mga botante ng Lungsod ng Rogue River para sa posisyong iyon.

(*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Rogue River.*)

# Panukalang-Batas 15-220 – Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito 9 ng Applegate Valley (Applegate Valley Rural Fire Protection District 9)

**Limang Taon na Lokal na Opsyon sa Pagpapataw ng Buwis para sa Paglalagay ng Mga Tauhan at Operasyon**

**Tanong:** Magpapataw ba ang Distrito ng $1.25 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon para sa paglalagay ng tauhan at operasyon simula FY2024/25? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

**Buod:** Ang layunin ng pansamantalang pagpapataw ng buwis na ito ay para maglaan ng pondo na magpapahintulot sa Pandistritong Pamatay-sunog #9 ng Applegate (Applegate Fire District #9) na magpatakbo nang naaayon sa mga antas ng serbisyo ngayon.

Popondohan ng pagpapataw ng buwis ang mga sumusunod:

- 24/7 na paglalagay ng tauhan sa Istasyon 51 (Applegate) at Istasyon 53 (Ruch) sa pamamagitan ng pagpapanatili sa karamihan ng mga posisyon na kasalukuyang pinopondohan ng kaloob.
- Panatilihin ang posisyon ng Fire Marshal na kasalukuyang pinopondohan ng kaloob
- Kumuha at Magsanay ng mga bagong boluntaryong bumbero at tauhang medikal.
- Palitan ang mga nalulumang trak na pamatay-sunog at sasakyan ng mga kawani.

Ang kahilingang ito ay para sa $1.25 kada $1000 ng tinasang halaga, upang palitan ang kasalukuyang pagpapataw ng buwis na magwawakas sa 2024.

Kung hindi pumasa ang pagpapataw ng buwis, mananatili ang mga buwis sa $1.6787 kada $1000 ng tinasang halaga, hindi tatasahin ang $1.25 kada $1000 ng tinasang halaga, na magdudulot ng 43% pagbawas sa Badyet sa Operasyon ng Distrito at hindi na magagawa ng Distrito ang 24/7 na paglalagay ng tauhan sa anumang istasyon.

Ang tinatayang halaga ng mga buwis na malilikom bawat taon ay ang mga sumusunod: $842,550 sa 2024/25, $867,827 sa 2025/26, $893,861 sa 2026/27, $920,667 sa 2027/28, at $948,297 sa 2028/29.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang Applegate Valley RFPD#9 (Distrito) ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa pag-apula ng sunog, pang-emerhensiyang pangangalagang medikal, pagsagip at pag-iwas sa sunog sa isang 181 square miles na lugar kabilang ang mga residente at negosyo sa mga lugar ng Ruch, Applegate, Provolt, at McKee Bridge. Magkakaroon ng pagkakataon ang mga botante na isaalang-alang ang isang Panukalang-batas sa balota sa Nobyembre 2023, na magpapapahintulot sa $1.25 na halaga ng buwis kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian at magpopondo sa mga serbisyong nabanggit.

Ang Distrito ay mayroon nang lokal na opsyon sa pagpapataw ng buwis para sa operasyon, at nire-renew ito kada limang taon mula noong 1998. Ang mga pagpapataw ng buwis na ito ay

nakapaglaan ng sapat na kita mula sa buwis para maglagay ng tauhan 24/7 sa Istasyon 53 (Ruch), na may kumbinasyon ng mga permanenteng full-time, seasonal full-time, at estudyanteng bumbero. Ang mga pagpapataw ng buwis ay nakapaglaan din ng pondo para maayos, mapalitan, at mapanatili ang mga sasakyan, kagamitan at pasilidad nito.

Sa tulong ng dalawang kaloob, sinimulan ng distrito ang paglalagay ng tauhan 24/7 sa pangalawang istasyon (Istasyon 51), sa Applegate, na may karagdagang mga Full-Time at Estudyanteng Bumbero. Bukod pa rito, pinopondohan ng isa sa mga kaloob ang isang full-time na (Fire Marshal) posisyon para sa Pag-iwas sa Sunog Magwawakas ang dalawang kaloob sa Marso ng 2026 at Mayo ng 2027.

Noong 2022, natugunan ng Distrito ang 768 tawag pang-emerhensiya para sa serbisyo, kung saan ang mga medikal na emerhensiya ay umabot sa humigit-kumulang dalawang-katlo ng mga pagtugon ng Distrito. Humigit-kumulang 24% ng oras naganap ang mga sabay-sabay na tawag para sa serbisyong pang-emerhensiya noong 2022. Ang paglalagay ng mga tauhan sa parehong Istasyon 51 at 53 ay nagbibigay-daan ngayon sa Distrito para matugunan ang mga insidenteng ito ng emerhensiya na nagpapang-abot o nangyayari nang sabay.

Kung pumasa ang Panukalang-batas, gugugulan ito ng mga may-ari ng bahay ng $1.25 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian at papalitan nito ang kasalukuyang pagpapataw ng buwis na $1.05 na magwawakas sa katapusan ng Hunyo 2024. Pahihintulutan ng Panukalang-batas ang pangongolekta ng kita mula sa buwis sa halagang $4,473,202 sa susunod na limang taon.

Kung maipapasa, ang Panukalang-batas ay maglalaan ng sapat na pondo para sa Distrito upang magpatuloy sa paglalagay ng tauhan sa Istasyon 51 (Applegate) & 53 (Ruch), at mapanatili ang posisyon ng Fire Marshal hanggang Hunyo 2029. Ang Panukalang-batas ay maglalaan din ng pondo para sa Distrito upang maayos, mapalitan, at mapanatili ang mga sasakyan, kagamitan at pasilidad nito.

Kung hindi pumasa ang Panukalang-batas, ang mga serbisyo para sa pag-apula ng sunog, pag-iwas sa sunog, emerhensiyang medikal at pagsagip na inilarawan sa itaas ay hindi ipagkakaloob gaya ng isinaplano at hindi magpapatuloy ang kasalukuyang pagpapataw ng buwis na $1.05 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito 9 ng Applegate Valley (Applegate Valley Rural Fire Protection District 9)).*

# Panukalang-Batas 15-221 – Distrito ng Paaralan 9 ng Eagle Point (Eagle Point School District 9)

**Mga bond para madagdagan ang mga silid-aralan, maibsan ang pagsisiksikan, mapahusay ang kaligtasan at seguridad**

**Tanong:** Dapat bang magdagdag ang Distrito ng mga silid-aralan, ayusin, i-update ang mga paaralan, pahusayin ang kaligtasan at seguridad; mag-isyu ng $58,295,000 bond para sa pangkalahatang obligasyon (general obligation bonds); tumanggap ng $4,260,706 na gawad ng estado? Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Naghahangad ng mga bond ang Distrito ng Paaralan 9 ng Eagle Point (Eagle Point School District 9) para magdagdag ng mga silid-aralan, maibsan ang pagsisiksikan, ma-update ang mga paaralan, at mapahusay ang kaligtasan at seguridad  Ginawaran ang Distrito ng $4,260,706 mula sa estado na makukuha lamang kung naaprubahan ang mga bond.

Gagamitin ang mga bond upang tustusan ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs) sa buong Distrito, kabilang ang:

- Mapalitan ang gusali para sa mga silid-aralan pang-elementarya sa Paaralan ng Shady Cove (Shady Cove School)
- Madagdagan ang mga silid-aralan sa EPHS, EPMS, White Mountain MS, Eagle Rock ES, Hillside ES
- Mapahusay ang daloy ng trapiko para sa kaligtasan ng mga estudyante sa EPMS, Eagle Rock ES, at Table Rock ES
- Ma-upgrade ang seguridad, mga fire panel, at ilaw
- Magtayo ng himnasyo sa Hillside ES
- Madagdagan ang mga espasyong may maraming paggagamitan sa mga middle school
- Mapaayos ang mga locker room sa EPHS at mga palikuran sa Table Rock ES
- Madagdagan ang mga panlabas na lugar na may bubong
- Mapaganda ang mga palaruan

Magma-mature ang mga bond sa loob ng 21 taon o di-lalampas mula sa petsa ng pag-isyu. Kung maaprubahan, ang pataw na buwis ay tinatayang nasa $1.30 kada $1000 ng tinasang halaga, na mas mababa ng 34 na sentimo kaysa sa halagang binayaran sa naunang pag-isyu ng bond ng Distrito.  Maaaring mag-iba ang aktwal na mga halaga batay sa mga interest rate at pagbabago sa tinasang halaga.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang iminungkahing $58,295,000 bond ng Distrito ng Paaralan ng Eagle Point (Eagle Point School District) ay maglalaan ng mga pondo para magdagdag ng mga silid-aralan upang tugunan ang pagsisiksikan at pag-unlad sa hinaharap, pagandahin ang kapaligiran para sa pag-aaral at pahusayin ang kaligtasan at seguridad.
Sinasakupan ng Distrito ang mga komunidad ng Eagle Point, Shady Cove at White City, na naglilingkod sa halos 4,000 estudyante sa siyam na paaralan. Papalapit na sa kapasidad ang enrollment sa buong Distrito, at inaasahan ang patuloy na pag-unlad habang tuloy-tuloy ang bagong konstruksyon. Naabot ng lungsod ng Eagle Point ang humigit-kumulang 40 bagong bahay kada taon sa nakalipas na dekada at nakapagbigay na ng mga pag-apruba sa paggamit ng lupa para sa mahigit 300 bagong bahay na itatayo sa susunod na ilang taon. Magkasamang naaabot ng mga komunidad ng White City at Shady Cove ang 70-80 bagong bahay kada taon.

Ang mga iminungkahing proyekto kaugnay ng bond ay tinukoy ng Komite para sa Mga Pasilidad ng Distrito (District Facilities Committee), na unang nag-rebyu at nag-suri sa mga pasilidad ng Distrito noong 2022. Muling nagpulong ang komite noong 2023, para unahin at bawasan ang orihinal na listahan ng mga proyekto ayon sa mga itinuturing nitong pinakakritikal.

**Mga iminungkahing proyekto**

Inaasahang tutustusan ng iminungkahing bond ang mga proyekto sa buong Distrito, kabilang ang:

- **Paaralan ng Shady Cove (Shady Cove School)**: Mapalitan ang gusaling pang-elementarya Itinayo ito noong 1928 at may mga depektibong sistema ng operasyon, naaabot na ang bilang na kapasidad ng estudyante, at higit na malaki ang gagastusin sa pagpapaayos kaysa mapalitan.
- **Eagle Point HS**:Madagdagan ang mga silid-aralan, ma-upgrade ang mga sistemang pamproteksyon laban sa sunog, mapaayos at mapalitan ang mga pintuan, muling pasementuhan ang mga paradahan, ma-upgrade ang mga locker room, maglagay ng gate para sa mas ligtas na kampus.
- **Eagle Point MS**: Madagdagan ang mga silid-aralan, mapalitan ang mga sensor ng pinto, madagdagan ang espasyong may maraming paggagamitan para sa mga klase sa PE, STEAM/CTE, wrestling at mga programa pagkatapos ng klase, pahusayin ang daloy ng trapiko para sa paghatid at pagsundo ng estudyante.
- **White Mountain MS**:Madagdagan ang mga silid-aralan, madagdagan ang espasyong may maraming paggagamitan para sa mga klase sa PE, STEAM/CTE, wrestling at mga programa pagkatapos ng klase.
- **Eagle Rock ES**:Madagdagan ang mga silid-aralan, palawakin ang lugar ng palaruan, madagdagan ang panlabas na lugar na may bubungan, pahusayin ang daloy ng trapiko para sa paghatid at pagsundo ng estudyante.

- **Hillside ES:**Madagdagan ang mga silid-aralan, himnasyo at panlabas na lugar na may bubungan
- **Table Rock ES**: Pahusayin ang daloy ng trapiko para sa paghatid at pagsundo ng estudyante, ma-upgrade ang sistemang pamproteksyon laban sa sunog, malagyan ng pambawas  ingay ang pagitan ng mga accordion wall, baguhin ang mga palikuran, ma-upgrade ang mga ilaw, ma-update ang mga kagamitan sa palaruan.
- **Upper Rogue Center para sa mga Oportunidad Pang-edukasyon (Upper Rogue Center for Educational Opportunities)**: Madagdagan ang mga panlabas na lugar na may bubungan

**Halaga ng bond**
Tinatayang gagastos kaugnay ng bond ang mga may pag-aari ng $1.30 kada $1000 ng natasang halaga at babayaran ito sa loob ng 21 taon. Ang tinantyang halagang ito ay mas mababa ng 34 na sentimo kaysa sa halaga ng nakaraang bond ng Distrito na nagwakas noong 2020. Maaari lamang gamitin ang mga pondo ng bond para sa mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs), hindi sa mga gastusing pang-operasyon.

**$4,260,706 matching grant**
Kung maaprubahan ang bond, tatanggap ang Distrito ng Paaralan ng Eagle Point (Eagle Point School District ng $4,260,706 na gawad mula sa programa ng Oregon School Capital Improvement Matching (OSCIM) na gagamitin para sa mga proyekto kaugnay ng bond. Hindi matatanggap ng Distrito ang gawad kung hindi maaprubahan ang iminungkahing bond.

**Mga lokal na trabaho**
Aayusin ng Distrito ang mga bahagi ng mga proyekto kaugnay ng bond para maging maliliit na kontrata na maaaring mag-bid ang mga lokal na kontratista.

**Pananagutan at pagbibigay-alam sa publiko**
Magtatalaga ang Lupon ng Paaralan ng isang komite para sa pangangasiwa ng mamamayan upang subaybayan ang pag-unlad, iskedyul at mga gastusin kaugnay ng bond. Palagiang magrereport ang komiteng iyon sa Lupon ng Paaralan.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Distrito ng Paaralan 9 ng Eagle Point (Eagle Point School District  9.))*

# Panukalang-Batas 15-222 – Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito 1 ng Rogue River (Rogue River Rural Fire Protection District 1)

### 10-Taong Pagpapatuloy Muli sa Pagpapataw ng Buwis para sa Mga Gastusin sa Pamumuhunan (Capital Expenses) sa Serbisyong Pang-emerhensiya

**Tanong:** Magpapataw ba ang Distrito ng $0.25 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng sampung taon simula 2024-2025? Ipagpapatuloy muli ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na buwis.

**Buod:** Pahihintulutan ng panukalang-batas na ito ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Rogue River (Rogue River Rural Fire Protection District) na ipagpatuloy muli ang kasalukuyang pagpapataw ng lokal na opsyon na buwis upang mapalitan at maiayon sa pamantayan ang mga kasangkapan at kagamitan at magbigay ng sustento sa istasyon ng bumbero na nagkakahalaga ng $0.25 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian (real property) na matatagpuan sa loob ng Distrito simula ng taong piskal 2024-25. Ang halaga ng iminungkahing pagpapataw ng buwis sa panukalang-batas na ito ay hindi lalampas sa halaga ng kasalukuyang ipinapataw na10-taong lokal na opsyon na buwis na magwawakas sa katapusan ng taong piskal 2023-24. Ang pag-apruba sa pagpapataw ng buwis na ito ay hindi makadaragdag sa kabuuang lokal na opsyon na halaga ng pagtatasa sa kasalukuyang ipinapataw sa ari-arian sa loob ng Pandistritong Pamatay-sunog.

Gagamitin ang perang nalikom mula sa pagpapataw ng buwis na ito sa mga gastusin sa pamumuhunan (capital expenses) ng Pandistritong Pamatay-sunog, gaya ng mga kasangkapang pamatay-sunog at kagamitan para sa pagtugon sa emerhensiya. Magbibigay-daan ang pag-apruba sa pagpapataw ng buwis na ito sa Pandistritong Pamatay-sunog na mapanatili ang paggamit nito ng mga na-update na sasakyan at kagamitan para sa pagtugon sa mga tawag pang-emerhensiya kaugnay ng sunog at kaligtasan ng buhay.

Makakalikom ang iminungkahing pagpapataw ng buwis na ito ng humigit-kumulang $185,955 sa 2024-25, $191,533 sa 2025-26, $197,279 sa 2026-27, $203,197 sa 2027-28, $209,292 sa 2028-29, $215,570 sa 2029-30, $222,037 sa 2030-31, $228,698 sa 2031-32, $235,558 sa 2032-33, at $242,624 sa 2033-34, na may kabuuaang halaga na $2,131,743.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Sa halalan noong Mayo, 2014, pinahintulutan ng mga botante sa loob ng Pandistritong Pamatay-sunog ng Rogue River (Rogue River Fire District) ang isang sampung taong pagpapataw ng lokal na opsyon na buwis sa halagang $0.25 kada $1000 ng tinasang halaga.  Pinondohan ng pagpapataw ng buwis ang mga gastusin sa pamumuhunan (capital expenses) ng Pandistritong Pamatay-sunog.

Ang inilalahad na panukalang-batas na ito sa  mga botante ngayon ay isang pagpapatuloy muli ng 2014 na pagpapataw ng buwis.  Kung maipatupad, hindi mapapagsama ang dalawang pagpapataw ng buwis.  Kapag nagwakas ang 2014 na pagpapataw ng buwis, papalitan ito ng bagong pagpapataw na ito na pareho ang halaga para sa karagdagang sampung taon.

Sa nakalipas na sampung taon, nagbigay-daan ang pagpapataw ng lokal na opsyon na buwis sa Pandistritong Pamatay-sunog ng Rogue River (Rogue River Fire District) para mapalitan ang mga luma nang kagamitan, makatipid sa mga pagbili ng sasakyan, at mapaganda ang mga istasyon ng bumbero.  Kung maaprubahan ng mga botante ang pagpapatuloy muli ng pagpapataw ng buwis, magagawa ng Pandistritong Pamatay-sunog ang mga kinakailangang pagpapaganda sa istasyon at patuloy na mapananatili ang kagamitang pinuhunan (capital equipment) nito upang makapagbigay ng epektibong mga serbisyong pamatay-sunog at pangkaligtasan habang pinangangalagaan ang mga kawani at boluntaryo na nagbibigay ng mahahalagang serbisyong ito.

Isang espesyal na distrito para sa paglilingkod ng pamahalaan ang Pandistritong Pamatay-sunog ng Rogue River (Rogue River Fire District) na nagbibigay ng tradisyonal na serbisyong pamatay-sunog, pagsagip, at pag-iwas sa sunog sa Lungsod ng Rogue River gayundin sa mga panlalawigang lugar na nakapalibot sa Lungsod.  Ang Pandistritong Pamatay-sunog ay nagbibigay ng serbisyong pamatay-sunog at pangkaligtasan sa humigit-kumulang 12,000 katao na nakatira sa loob ng 77 square miles sa teritoryo ng Pandistritong Pamatay-sunog.  Nagbibigay din ang Pandistritong Pamatay-sunog ng serbisyo ng ambulansya sa hilagang-kanluran ng Jackson County na nasa 200 square miles.  Ibinibigay ang lahat ng serbisyo mula sa isang istasyong pinangangasiwaan 24 na oras bawat araw ng mga tauhang binubuo ng pinagsamang mga ganap na empleyado (career employees) at dedikadong boluntaryo.

Pinamamahalaan ang Pandistritong Pamatay-sunog ng isang inihalal na Lupon ng mga Direktor na residente ng Pandistritong Pamatay-sunog.  Bilang mga inihalal na kinatawan, tungkulin nilang katawanin ang mga interes ng mga residente ng Pandistritong Pamatay-sunog sa pamamagitan ng  pagpapasiya ukol sa mga patakaran na nagtitiyak na nabibigay sa pinaka-epektibong paraan ang pinakamataas na antas ng mga serbisyong pamatay-sunog, serbisyong medikal na pang-emerhensiya, at

serbisyong pangkaligtasan. Ang Pandistritong Pamatay-sunog ay mayroon ding komite ng badyet na binubuo ng Lupon ng mga Direktor at limang karagdagang residente ng Pandistritong Pamatay-sunog na nagbibigay ng mga rekomendasyon sa mga paggasta ng Pandistritong Pamatay-sunog.

Ang pagpapanatili at pag-update ng mga kagamitan at pasilidad ay isang mahalagang bahagi sa pagbibigay ng mga serbisyong pamatay-sunog at pangkaligtasan sa loob ng teritoryo ng Pandistritong Pamatay-sunog. Ang Pandistritong Pamatay-sunog ay nagpapanatili ng isang na-update na estratehikong plano para epektibong makapaglaan ng pondo mula sa buwis at mailagay sa ayos ang mga paggasta. Sa pamamagitan ng prosesong ito, nilalayon ng Lupon ng mga Direktor ng Pandistritong Pamatay-sunog at mga tauhan ng Pandistritong Pamatay-sunog na maging mga mabubuting tagapangalaga ng mga pampublikong pondo at ng pagtitiwala ng publiko.

(*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito 1 ng Rogue River (Rogue River Rural Fire Protection District 1)*).

# Panukalang Batas 15-223 – Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire Protection District)

**Pagbuwag sa Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire Protection District)**

**Tanong:** Dapat bang buwagin ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire Protection District) at alisin ang singil sa buwis nito?

**Buod:** Bubuwagin ng panukalang-batas ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire Protection District) at aalisin ang permanenteng singil sa buwis ng Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire Protection District).

Magkakabisa ang panukalang-batas na ito simula ENERO 1, 2024. Ang lahat ng ari-arian (assets) at pananagutan (liabilities) ng Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire Protection District) ay ililipat sa Pandistritong Pamatay-sunog Blg. 5 ng Jackson County (Jackson County Fire District No. 5 (JCFD5, akronim nito sa wikang Ingles na isinalin sa wikang Tagalog)) kasama ang mga pondong hawak. Para maunaawan, ang kumpletong plano sa pagbuwag ay makikita sa opisina ng kawani ng county.

Sa kasalukuyan, may kasunduang magtutulungan ang Distrito ng Colestin at JCFD5 kung saan tutugunan ng JCFD5 ang mga emerhensiya sa Distrito ng Colestin. Ang pagbuwag sa Distrito ng Colestin ay magbibigay-daan sa teritoryo ng distrito ng Colestin na maisama sa JCFD5, para maging ganap na bahagi ng distritong iyon, at mabuwisan ng JCFD5 batay sa PTR na $3.1976 kada $1000. Pinagsisikapan ng JCFD5 na maisama ang Distrito ng Colestin, ngunit hindi maisasakatuparan ang pagsasanib maliban kung maaprubahan ang panukalang-batas na ito.

**PAGPAPALIWANAG NA PAHAYAG**

Sa loob ng mahigit apat na dekada, ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire Protection District) na binubuo ng mga boluntaryo ay nagsilbi sa mga pangangailangang pangkaligtasan ng komunidad kaugnay ng sunog at emerhensiya. Ngayong nagkaka-edad na ang mga pangunahing boluntaryo, nababawasan ang pagboboluntaryo at napagpasiyahan ng nahalal na Lupon ng mga Direktor na hindi na kayang ipagpatuloy pa ang pagpapatakbo ng isang hiwalay na kagawaran ng pamatay-sunog.

Pagkatapos pag-aralan ang mga opsyon at magsagawa ng pampublikong talakayan, napagpasiyahan ng Lupon ng mga Direktor ng Colestin na ang pinakamainam na opsyon para sa patuloy na mga serbisyong pamatay-sunog ay ang pagsasanib ng teritoryo ng Colestin sa Pandistritong Pamatay-sunog 5 ng Jackson County (Jackson County Fire District 5). Hindi maisasakatuparan ang pagsasanib hanggang sa mabuwag ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire District). Isinaalang-alang ng Lupon ang panukalang-batas na ito sa balota bilang paunang hakbang. Ang pagbuwag sa distrito ay ang isyung nasa harapan mo para pagbotohan.

Ang pagboto ng "Oo" ay para sa pagbuwag ng Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire District) at naglalatag ng pundasyon para sa napapanahong pagsasanib sa Pandistritong Pamatay-sunog 5 ng Jackson County (Jackson County Fire District 5). Kinakailangan sa pagsasanib ang pagbuwag. Matatanggal din ng pagbuwag ang pagpapataw ng buwis ng Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire District).

Ang pagboto ng "Hindi" ay di-pagsang-ayon sa pagbuwag ng Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire District). Kung mabigo ang pagboto para sa pagbuwag, naniniwala ang Lupon ng Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire District) na hindi nito magagawang punan ng kawani at patakbuhin ang kagawaran ng pamatay-sunog, na magsisimulang itigil ang operasyon sa Disyembre 31, 2023. Pagkaraan ng petsang iyon, naniniwala ang Lupon ng mga Direktor na malamang na mawawalan ang komunidad ng mga serbisyong pangkaligtasan kaugnay ng sunog at emerhensiya sa loob ng di-matiyak na panahon at maaaring ipaubaya ang mga pagpapasiya sa Jackson County.

Ang pagbuwag sa Distrito ng Colestin ay magbibigay-daan sa teritoryo na maisama sa Pandistritong Pamatay-sunog 5 ng Jackson County (Jackson County Fire District 5) sa pamamagitan ng pagboto sa hinaharap o pagsang-ayon ng lupon ng mga botante. Kung maaprubahan ang pagbuwag, sumang-ayon ang Jackson County Fire District 5 (Jackson County Fire District 5) na pansamantalang magbigay ng mga serbisyong pang-emerhensiya bilang bahagi ng plano ng pagbuwag habang itinataguyod ang pagsasanib.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Colestin (Colestin Rural Fire Protection District)).*